MUNICIPALITY OF BALIWAG
00000147

Pamahalaang Bayan ng Baliwag

TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

LALAWIGAN NG BULACAN

Kautusang Tagapagpaganap Blg. 5

MULING-PAGBUO NG *BIDS AND AWARDS COMMITTEE* (BAC)

ALINSUNOD sa Seksiyon 37 ng *Local Government Code of 1991*, kung saan tahasang ipinag-utos ang paglikha ng *bids and awards committee* sa bawat Bayan na siyang mamamahala sa pagsala at pagpili ng mga Kontratista, pagtasa ng mga subasta at pagbibigay rekomendasyon sa mga pagkakalooban ng mga pambayang proyektong pang-imprastaktura.

SAPAGKAT, dahil sa pagbitaw sa pwesto ng iilang kasapi ng *Bids and Awards Committee* (BAC), kinakailangan ang muling pagbuo nito upang ang Bayan ng Baliwag, Bulacan ay makapamili ng mga kakailanganin upang ito'y maayos na mapatakbo.

NGAYON NGA'Y, AKO, FERDINAND V. ESTRELLA, Punong Bayan ng Bayan ng Baliwag, Bulacan, sa pamamagitan ng kabutihan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay ipinag-uutos ang sumusunod:

Seksiyon 1. Muling pagbuo ang *Bids and Awards Committee* (*BAC*) na panunungkulan nina:

Tagapangulo: Enrique V. Tagle, Pambayang Tagapangasiwa

Pangalawang Tagapangulo: Atty. Jose M. Cruz, Pambayang Tagapagtanggol

Mga Kasapi: Engr. Nemencio M. De Leon, MPDP

Cecilia A. Dela Cruz, *Municipal Budget Officer*

Dolores S. Lumabas, *Municipal Civil Registrar*

Seksiyon 2. Muling pagbuo ang *Bids and Awards Committee Secretariat* (*BAC Secretariat)* na panunungkulan nina:

Pinuno: Edgard S. Luna

Kasapi: Ma. Allietha M. Flores

Seksiyon 3. Muling pagbuo ang *Bids and Awards Committee Technical Working Group* (BAC-TWG) na panunungkulan nina:

Pinuno: Josefina Tanggol, *Assistant Municipal Budget Officer*

Kasapi: Lolita S.J. Fabian, *Administrative Assistant II*

Seksiyon 4. Ang mga tungkulin ng *Bids and Awards Committee*, BAC *Secretariat at* BAC-TWG at ang mga kaparaanan ng subastahan ay nakasaad sa RA 9184 at sa *Local Government Code of 1991* at mga *Implementing Rules and Regulations* (IRR) nito.

Seksiyon 5. Mga Tagapagmasid. Para maging *transparent* ang lahat ng antas ng mga proseso sa BAC, maaaring mag-anyaya ng dalawang (2) Tagapagmasid (*Observer*) upang manood sa mga pagpupulong ng BAC. Ito'y liban pa sa kinatawan ng *Commission on Audit* (COA).

Seksiyon 6. Termino ng Panunungkulan.

Ang mga kasapi ng BAC, BAC Secretariat at BAC Technical Working Group ay manunungkulan sa loob ng isang taon mula sa pagkahirang. Ito ay isang teminong nakatakda o *fixed term.*

Pamahalaang Bayan ng Baliwag

TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

LALAWIGAN NG BULACAN

GINAWA sa Bayan ng Baliwag, Bulacan, ngayong ika-siyam ng Hulyo, sa taon ng ating Panginoon, dalawang libo't labing anim.

FERDINAND V. ESTRELLA
Punong Bayan

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG

Dapat Serbisyong may Malasakit

44)798-0391 • 2ND FLOOR MUNICIPAL BUILDING, BS AQUINO AVE., BAGONG NAYON, BALIWAG BULACAN • EMAIL ADDRESS: MAYORFVE@DUGONGBALIWAGPUSONGBALIWAG.COM • WWW.DUGONGBALIWAGPUSONGBALIWAG.NET